# KALATAS

*Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan*

*TOMO 42 BILANG 10* *BASAHIN AT TALAKAYIN* *OKTUBRE 2022*


*EDITORYAL*


## Pag-alabin ang pakikibakang magsasaka para sa lupa at laban sa pasista't bulok na estado

Noong Oktubre 20, nasa biyahe ang isang grupo ng 11 magsasakang galing Quezon tungong NCR para makipagdayalogo sa Department of Agriculture. Wala silang dala kundi ang kanilang kolektibong hiling para sa ayuda. Makatwiran ang kanilang hangarin, kaya't bakit, pagdaan ng Tiaong, Quezon, ay hinarang sila ng mga pulis at militar? Bakit sila iligal na dinetine, at tinratong daig pa sa kriminal?

Higit sa lahat, bakit hindi ito isang bukod na insidente, bagkus ay bahagi ng sistematikong panunupil ng estado sa mga magsasaka?

Ang tumitinding karahasan laban sa magsasaka ay nakaangkla sa pagtatanggol sa paghahari ng uring panginoong maylupa-malalaking burgesya kumprador (PML-MBK) sa bansa sa basbas ng imperyalismo na pinapatupad ng mga burukratang kapitalista sa bulok na estado. Pinapakawalan ang pasismo-terorismo sa bayan upang patuloy na ipataw ang monopolyo sa lupa at pagpasasaan ng iilan ang pinaghirapan ng mga magbubukid.

Higit na naging marahas ang estado noong rehimeng Duterte, at nagpapatuloy ito sa ilalim ng ilehitimong rehimeng Marcos II. Bala, bomba, kanyon at mga halimaw na pulis at militar ang sagot nito sa lumalakas na hinaing ng ginugutom at inaaping magbubukid. Sa buong bansa, daan-daang magsasaka ang pinatay—251 mula Hulyo 2016 hanggang Abril 2020—at libu-libo ang iligal na inaresto, sinampahan ng gawa-gawang kaso at sapilitang pinasuko bilang kasapi umano o taga-suporta ng Bagong Hukbong Bayan at Partido Komunista ng Pilipinas. Tulad ng mga nagdaang rehimen, walang pakundangan si Marcos II sa pagpapatupad ng mga patakaran at programang yumuyurak sa karapatan sa lupa at kabuhayan ng mga magsasaka.



KALATAS

Oktubre 2022
TOMO 42 BILANG 10

NILALAMAN

1 Pag-alabin ang pakikibakang magsasaka para sa lupa at laban sa pasista't bulok na estado

4 Daing ng magtutubó sa Batangas

5 Unang 100 araw ni Ferdinand Marcos Jr., sinalubong ng protesta

6 Tutulan ang panukalang joint oil exploration sa West Philippine Sea

7 Diarrhea outbreak sa mga komunidad ng Dumagat, pinaiimbestigahan

8 Tugon ni PdG: Ano ang epekto ng pagbaba ng halaga ng piso kontra dolyar sa ekonomya ng Pilipinas?

9 Manggagawa ng TS Tech Trim Phillippines, nagprotesta sa DOLE

10 Sigaw ng magsasaka sa TK: Lupa, ayuda at hustisya!

11 Pahayag ni PdG hinggil sa tatlong dinukot na magsasaka

12 Kwento: Ikaw ba si Ka Pedring?

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

balikwastk.wordpress.com

Pinagkakaitan ng lupa ang mga magsasaka. Pito sa 10 magsasakang Pilipino ang wala o kulang sa lupa. Huwad ang ipinatupad na reporma sa lupa ng lahat ng nagdaang rehimen. Naging mekanismo lamang ito para "ligal" na maikonsentra ang lupa sa iilang pamilya, negosyo at dayuhan. Malinaw na halimbawa ang mga Lupang Ramos at Kapdula sa Cavite kung paano inikutan ng Virata-Sy ang Comprehensive Agrarian Reform Program para agawan ng lupa ang mga magsasaka.

Agresibo ang pagpapalit-gamit sa mga bukirin at panirikan tungong di-kinakailangang imprastraktura, proyektong pang-enerhiya, mina, taniman ng *palm oil*, turismo, residensyal at iba pang gamit ng malalaking negosyo at luho ng mayayamang pamilya. Daan libong ektaryang lupain ng mga magsasaka at katutubo sa mga probinsya ng rehiyong TK ang kinamkam ng mga PML-MBK sa pangunguna ni Henry Sy. Epekto nito, libu-libong pamilyang magsasaka ang pinalayas at ginawang tauhan at upahan sa sarili nilang lupain.

Ang mga magsasakang may lupa pang nabubungkal ay unti-unti namang pinapatay sa gutom gamit ang mga neoliberal na patakaran tulad ng Rice Liberalization Law. Dahil dito, bumaha sa pamilihan ang *imported* na bigas, asukal, asin, karne, isda, gulay, langis, sibuyas at bawang. Nagbunsod ito ng mas malawak na kagutuman lalo sa kanayunan. Lugi hanggang mabangkarote ang mga magbubukid dahil sa grabeng ibinagsak ng presyo sa *farmgate* ng mga produktong bukid.

Hanggang ngayon, hindi pa rin naibalik sa mga magniniyog ang ninakaw na Coco Levy Fund ng pamilyang Marcos at ng mga kroni nito. Masahol pa, imbes na panagutin ang mga ito sa kanilang pandarambong nagawa pang makabalik ang mga ito sa tuktok ng kapangyarihan ng estadong mala-kolonyal.

Ang mga nabanggit ay lalong nagpapasahol sa dati nang binabata ng mga magsasaka na mataas na upa sa lupa, usura, mababang sahod sa manggagawang-bukid at pang-aalipin. Sobrang pahirap din ang mga dagdag-singil, dayaan sa presyuhan at timbangan, mahal na paupa sa kagamitan sa produksyon, pagsirit ng presyo ng kemikal na *input* at gasolina, at kawalan ng suporta ng estado para sa irigasyon, kalsada at mga *post-harvest facilities*. Inaabandona pa ang mga magsasakang nasasalanta ng kalamidad taun-taon. Ang ganitong napakadustang kalagayan ang nagtutulak sa mga magsasakang patuloy na lumaban.

Habang tumitindi ang kahirapan, panunupil at pang-aapi, lalong nagiging mahigpit ang pangangailangang isulong at palawakin ang mga anti-pyudal na pakikibaka ng mga magsasaka sa kanayunan. Ito ang pangunahing nilalaman ng pambansa-demokratikong rebolusyon na layuning lutasin ang daantaong suliranin ng mga magsasaka sa lupa. Sa pagsulong nito nabubuo ang di magagaping lakas sa pulitika-ekonomya't militar ng mga magsasaka hanggang maibagsak ang kapangyarihan ng uring panginoong maylupa at iba pang mga kaaway sa uri sa kanayunan.

Ang isinusulong na rebolusyonaryong agraryo ay may maksimum na programa ng kumpiskasyon ng lupain ng mga PML-MBK at libreng pamamahagi ng lupa sa mga magsasakang wala at kulang sa lupa at minimum na programa sa pagpapababa ng upa sa lupa, pagpapataas sa sahod ng manggagawang bukid, pagpawi sa usura, at iba pang hakbangin para itaas ang antas ng kabuhayan ng mga magsasaka. Nakamit at patuloy na makakamit ang mga tagumpay sa rebolusyong agraryo sa patuloy na pagsusulong ng digmang bayan.

Ipinakikita ng mayamang kasaysayan at maging ng mga kasalukuyang pakikibakang magsasaka sa TK na ang paglaban ang pinakamabisang paraan upang ipagtanggol ang karapatan sa lupa, kabuhayan at panirikan. Dahil sa kanilang pakikibaka, ilampung libong ektarya ang ngayon ay nasasarili na ng mga magsasaka at daan-libong pamilyang magsasaka at manggagawang bukid ang nakinabang sa pagbaba ng upa sa lupa, pagpapataas ng sahod, pagpapataas ng presyo ng produktong bukid at iba pa. Nakakapanatili ang mga magsasaka sa Lupang Ramos, Lupang Kapdula at Brgy. Patungan sa Maragondon, Cavite, sa Hacienda Yulo at iba pang komunidad ng mga magsasaka sa TK dahil sama-sama nilang ipinaglalaban ang kanilang sakahan at panirikan at patuloy itong pinagyayaman sa kabila ng pang-aatake ng pasistang estado.

Kailangang pagkaisahin ang buong bayan upang isulong at papag-alabin ang pakikibakang magsasaka. Dapat likhain ang daluyong ng mga kabataan, manggagawa, maralitang lungsod at iba pang uri't sektor para lumahok sa pakikibaka ng mga magsasaka para sa lupa. Inspirasyon dito ang matagumpay na pagkilos sa India laban sa korporatisasyon ng agrikultura na nilahukan ng 300 milyong magsasaka at sinuportahan ng malawak na mamamayan.

Sa pagtatagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon, lulubusin ang tunay na reporma sa lupa sa pambansang saklaw, isusulong ang pambansang industriyalisasyon at itatatag ang sosyalistang ekonomya para paunlarin ang agrikultura at lokal na produksyon ng pagkain. Magiging masagana, malaya at tunay na makatarungan ang lipunan, at tatamasahin na ng uring magsasaka, sa mahigpit na pamumuno ng uring manggagawa, ang bunga ng kanilang pagpapagal.

## Pasismo sa kanayunan

Laksang pamilya sa kanayunan ang nadisloka, nawalan ng kabuhayan at nagtamo ng sikolohikal at emosyunal na pinsala bunsod ng walang habas na paglabag ng AFP-PNP sa karapatang tao.

Sa Mindoro, nasa 126,000 ang biktima ng mga pang-aabusong naitala sa kurso ng *focused military-community support program operations* (FMO-RCSPO) ng AFP-PNP mula 2019-2021. Danas din sa kanayunan ng Batangas, Rizal, Quezon at Palawan ang makahayop na pagtrato sa mga magsasaka, paninindak gamit ang labis na pwersang militar at makabagong mga armas, at pagsasamantala sa mga kababaihan at kabataan.

Dito sa TK, dalawang magsasaka at dalawang kabataang anak ng magsasaka ang pinaslang ng militar, habang tatlong magsasaka na ang dinukot at hindi pa inililitaw hanggang ngayon sa ilalim ng bagong upong rehimeng Marcos II. Walang patawad at halang-ang-kaluluwa ng mga pasista at pati mga bata at maysakit ay dinadamay sa kanilang maruming gera. Malinaw ito sa krimeng pagpatay ng 59th IB sa batang si Kyllene Casao at Maximino Digno na may kapansanan sa pag-iisip sa Batangas nitong Hulyo.

Sa Quezon, nananalasa ang marahas at mapanlinlang na kampanyang suko. Aabot sa 1,030 magsasaka ang iprinesintang "suko" ng AFP-PNP mula 2021. Isinasailalim ang mga biktima sa intimidasyon, *red-tagging*, iligal na interogasyon at pagpapatawag sa mga kampo. Patong-patong din ang paglabag ng mga sundalo sa *international humanitarian law* at panuntunan ng digma, tulad ng iligal na paghimpil sa mga pampublikong lugar, paggamit ng mga sibilyan sa mga operasyong militar at paglapastangan sa labi ng mga napaslang na kasapi ng BHB. Pinipilit din ng AFP na magtayo ng mga kampo sa loob ng mga baryo ngunit mariin itong tinututulan ng mamamayang galit sa mga bastos at pesteng sundalo.

*BANTAY KARAPATAN*



### Teroristang 203rd Brigade, nanganyon sa Oriental Mindoro

Sinisingil ng NDFP-Mindoro ang US-Marcos II at 203rd Brigade sa panganganyon sa dalawang barangay sa Mansalay, Oriental Mindoro noong Oktubre 18. Nagpasabog ng tatlong bala ng Howitzer ang mga pasista sa isang sibilyang komunidad—isang malinaw na paglabag sa *international humanitarian law* (IHL).

Kinanyon ng 203rd Brigade ang kabundukan sa hangganan ng mga barangay ng Waygan at Sta. Teresita sa palalong pakana na nagsasagawa umano ito ng *weapons test* o pagsubok ng mga armas. Produktado at mayroong mga panirikan at kaingin ang lugar na tinarget ng panganganyon. Aabot ang pinagsamang populasyon ng dalawang barangay sa higit 6,000 mamamayan kung saan signipikanteng bahagi ay Mangyan-Hanunuo.

Ang pagpapasabog ang rurok ng operasyong militar sa Waygan, Sta. Teresita at mga katabing barangay na nagsimula pa noong Agosto. Ito na ang ikalimang insidente ng pambobomba na naganap sa isla ng Mindoro ngayong taon.


# Daing ng magtutubó sa Batangas

Sa isang bayan sa Batangas, pumalo na nitong Oktubre nang higit sa P110/kilo ang puting asukal sa pamilihang bayan, at mas mahal pa kung bibilhing patingi-tingi sa mga tindahan sa baryo. Mabigat ito para sa pamilya ni Nanay Rosita dahil nasa tatlong kilo kada linggo ang konsumo nila nito.

Kahit mga magsasakang may maliit na parselang sariling lupa, kapos pa rin ang kanilang kinikita. Mas matindi pa ang dinaranas ng karamihan sa mga kababaryo nina Nanay Rosita na kasamá o nakikitanim lamang sa lupa ng mga panginoong maylupa at dapat magbayad ng upa na hanggang sa ikaapat ng kanilang kita laluna ang mga maggagapak na karamiha'y mga dayo at walang sariling tubuhan.

**Ang mga naghahari-harian sa industriya**

Kasing-aga pa man ng dekada 1750, mayor na kalakal na ng Pilipinas ang asukal ng Batangas na ineeksport na noon pa man. Prodyuser ang mga magsasaka't manggagawang bukid sa humigit-kumulang 60,000 ektaryang tubuhan ngayon ng lalawigan ng mahigit sa 1.3 milyong metriko tonelada ng asukal kada taon, pangatlo sa bolyum na nalilikha sa buong bansa. Sa ganito, ang industriya ng tubó ng Batangas ay kabilang sa pinakamalaki sa Pilipinas. Mahigit sa 80% ng lupang tubuhan ay konsentrado sa unang distrito ng Batangas, na tinaguriang *'sugar bowl'* ng Luzon. Pinakamalawak dito ang mga tubuhan ng Tuy, kung saan ang mahigit sa 9,000 ektarya nito ay nag-aambag ng nasa 30,000 metriko toneladang asukal sa pamilihan.




Nasa lalawigan din ang ikatlo sa pinakamalaking repineriya ng asukal sa bansa, ang Central Azucarera de Don Pedro (CADP) ng Nasugbu. Bukod pa rito ang Batangas Sugar Central, Inc. (BSCI) at Emperador Distillery sa Balayan na nagpoproseso ng tubó para maging alak. Sa kabila nito, ang Tuy na nasa pusod nito ay nananatiling isa sa pinakamahirap at atrasadong bayan ng Batangas.

Ang mahigit sa 26,000 ektarya ng mga tubuhan ng Batangas ay konsentrado lamang sa 16 na pamilyang mga panginoong maylupa (PML). Samantala, patuloy namang sinasalanta ng mga malawakang pagpapalit-gamit sa lupa at ng mga *'development projects'* gaya ng Proyektong CALABARZON ang mga lupaing agrikultural. Nagreresulta ito sa pagkitid ng lupaing binubungkal ng mga magsasaka na karaniwa'y nasa kalahati hanggang tatlong ektarya lamang ang sukat. Kasingkahulugan nito ang napakababang produksyon at kita para sa mga pamilyang magsasaka.

**Pagtitiis ng mga magsasaka**

Inaasahan na nina Nanay Rosita na sa isang ektarya nilang tubuhan ay makakakuha sila ng nasa 50 toneladang tubó. Sa P2,300/toneladang itutumbas sa kanilang tubó ng sentral[1], makakakuha sila ng P115,000. Malaking pera sa simula subalit lalabas na kulang pa ito matapos kaltasin ang gastos sa produksyon na nahahati sa abono, upa sa mga trabahador, renta sa araro, bayad sa taad, bayarin sa trucking at pagkakabit[2]. Dahil hindi rehistrado, kailangang kumabit nina Nanay Rosita sa mga rehistradong may-ari ng tubuhan para tanggapin ng sentral ang kanilang tubó.

Sa suma, gagastos si Nanay Rosita ng P131,550. May utang pa silang P16,550. *(Tingnan ang talahanayan)*

Dahil dito, namamasukan si Nanay Rosita at kanyang anak na si Arcel bilang maggagapak sa ibang tubuhan. Papasok din sila sa ibang trabaho gaya ng pagko-*construction worker* o pagkukusinera lalo tuwing *tiempo muerto* o panahon ng tag-gutom na nagaganap sa pagitan ng Agosto-Setyembre at Nobyembre-Disyembre.

Samantala, bundat naman sa tubo sa produktong asukal ang mga asukarera at malalaking panginoong maylupa.

Sa ganitong kalagayan, namumulat sina Nanay Rosita at Arcel at tinatanaw na magkaisa ang kanilang mga kababaryo upang mailunsad ang mga pakikibakang bukid. Inaasam nilang makaalpas sa kahirapan kakapitbisig ng mga kapwa magtutubó at iba pang manggagawang bukid sa buong bansa. K

*1 sentral - kolokyal na tawag ng mga magtutubo sa pa-iluhan o gilingan ng tubo*

*2 kabit - tawag kapag ipapasabay ng maliliit na magtutubo ang kanilang ani sa trak ng malalaking PML*

## TALA NG GASTOS NI NANAY ROSITA SA TUBUHAN*

| Mga ginagastos | Halaga (Php) | Kantidad | Kabuuan (Php) | Porsyento |
|---|---|---|---|---|
| Abono (kada sako) | 1,350 | 45 | 60,750 | 46.18 |
| Paglalagay ng abono (kada sako) | 60 | 45 | 2,700 | 2.05 |
| Pag-aararo | 2,500 | 3 | 7,500 | 5.7 |
| Pagtataad (por libo) | 320 | 5 | 1,600 | 1.22 |
| Taad (por libo) | 7,000 | 5 | 35,000 | 26.61 |
| Paggagapak (kada tonelada) | 320 | 50 | 16,000 | 12.16 |
| *Trucking* (Pagpapakabit) | 2,000 | | 2,000 | 1.52 |
| Suhol sa *trucking* | 6,000 | | 6,000 | 4.56 |
| **KABUUANG GASTOS** | | | **P 131,550** | **100.00** |
| **PINAGBENTAHAN NG TUBO (50 TON)** | | | **P115,000** | |
| **KULANG** | | | **P 16,550** | |

**Batay sa panayam kay Nanay Rosita nitong Oktubre 2022*

Pinakamalaking porsyento sa gastos ni Nanay Rosita ang **abono**, na **halos kalahati na ng buong gastusin**. Malaking pasanin sa kanya ang pagmahal ng abono na nagdoble ang presyo ngayong taon.

Samantala, mabigat din ang dagdag na bayarin sa ***trucking* at pagkabit**, kabuuang **P8,000**, para tanggapin ng sentral ang tubo ni Nanay Rosita. Bahagi ito ng malapyudal na pagsasamantala sa mga tulad niyang maliit ang pagmamay-aring tubuhan.

*KILOS PROTESTA*



# Unang 100 araw ni Ferdinand Marcos Jr., sinalubong ng protesta

Lumahok sa protesta sa Mendiola, Manila sa harap ng Malacañang ang mga progresibo at makabayang organisasyon sa Timog Katagalugan noong Oktubre 8 para kundenahin ang kainutilan ni Marcos Jr. sa unang 100 araw ng kanyang ilehitimong rehimen.

Walang nagbago at mas lumala pa ang buhay ng mamamayan sa ilalim ni Marcos Jr. Sumirit ang implasyon tungong 7.7%. Sumadsad ang halaga ng piso kontra dolyar sa pinamamababang P58.99 noong Oktubre 3.

Sa Timog Katagalugan, nasa pagitan lamang ng P329-470 ang *minimum wage* ng mga manggagawa, malayong malayo sa tinatayang P1,087 kada araw na kinakailangan ng bawat pamilyang Pilipino para sa disenteng pamumuhay.

Patuloy ring bumababa ang presyo ng mga produktong agrikultural habang dumadagsa ang mga *imported* na produkto. Nananatiling walang sariling lupa ang mayorya ng mga magsasaka sa bansa.

Kinundena rin sa protesta ang pagpapasarap-buhay ng mga Marcos sa gitna ng malawakang paghihirap ng mga Pilipino. Binatikos ang pagwaldas ng mga Marcos sa pondo ng bayan para sa pagliliwaliw sa Singapore noong Oktubre 1 habang nagdurusa ang bayan sa pinsala ng Bagyong Karding.

Naitala ang 81 kaso ng paglabag sa karapatang tao sa unang tatlong buwan ni Marcos Jr., kabilang dito ang pamamaslang sa matandang may kapansanan sa pag-iisip na si Maximino Digno at siyam na taong batang si Kyllene Casao sa Batangas.

Ayon kay Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDFP-Southern Tagalog, "Nagpupugay ang NDFP-ST sa mamamayang Pilipino na hindi naglulubay na makibaka para sa kanilang mga demokratikong karapatan at pambansang kalayaan. Itinatakwil ng bayan ang ilehitimong pagkapangulo ni Marcos Jr. sapagkat iniluwal lamang ito ng garapalang maniobra at manipulasyon sa resulta ng eleksyon."

# Tutulan ang panukalang *joint oil exploration* sa West Philippine Sea

Sa resolusyon ng konseho ng Kalayaan, Palawan noong Setyembre 20, mariing tinututulan ang panukalang *joint oil exploration* sa pagitan ng China at Pilipinas sa West Philippine Sea (WPS). Ang kanilang panawagan: pagtuunan ng pansin ang pagpapababa sa presyo ng petrolyo sa bansa sa halip na *joint oil exploration* sa China. Tugon nila ito sa ipinasang Senate Resolution No. 9 ni Robinhood Padilla na nananawagan sa ilehitimong rehimen na ituloy ang nabanggit na proyekto.

**Kasaysayan ng *joint oil exploration* sa China**


Bago si Marcos Jr., may mga nauna nang pakana para sa proyektong *oil exploration* kasama ng China. Sa panahon ng rehimeng Macapagal-Arroyo, pinirmahan ang kontrobersyal na Joint Maritime Seismic Undertaking Agreement noong 2005 sa pagitan ng Philippine National Oil Corporation at China National Offshore Oil Corporation. Taong 2008, winakasan ito matapos mabunyag ang malaking kaso ng korapsyon ng rehimeng Arroyo kapalit ng pinasok na kasunduan.

Sa panahon naman ng tiranikong rehimeng Duterte pinirmahan ang isang *memorandum of understanding* (MOU) noong 2018 para sa *joint oil and gas exploration and development* sa WPS. Sasaklawin nito ang Recto o Reed Bank, na tinatayang mayroong 1.035 milyong ektaryang *potential gas field* ng langis at gas na aabot sa halagang $23.2 bilyon. Ang Recto Bank ay 85 *nautical miles* mula sa Puerto Princesa City, Palawan at nasa loob ng 200 *nautical mile Exclusive Economic Zone* ng Pilipinas. Binatikos ang MOU na laban sa konstitusyon at naging malakas ang pagtutol ng mamamayan dahilan para iatras ito ni Duterte.

Ngunit bago rin matapos ang tiranikong rehimeng Duterte, ipinasa nito ang mga amyenda sa Public Service Act, Foreign Investment Act na nagbigay-laya sa lahat ng dayuhang entidad at korporasyon na magmay-ari ng 100% sa mga negosyo at ari-arian sa bansa. Todo-larga nitong ibinuyangyang ang likas yaman at teritoryo ng bansa sa dayuhang pandarambong.

**Interes ng China**

Tagibang ang planong kasunduang nais pasukin ng ilehitimong rehimeng Marcos-Duterte sa China. Bilang ikalawang pinakamalaking repineriya ng langis sa daigdig, kailangan ng China ng sariling pagkukunan nito laluna sa harap ng papalaking pangangailangan sa langis matapos patawan ng sangsyon ang Russia, isa sa pinakamalaking taga-suplay ng langis ng China. Bilang pangunahing kumpetensyang imperyalistang bansa ng US, nais kopohin ng China ang suplay ng langis sa Europe para tapatan ang monopolyo ng huli sa langis sa buong daigdig. Nitong mga nakalipas na buwan, lumaki ang bolyum ng iniimport na *crude oil* ng China dahil nag-aambisyon itong magsuplay ng langis sa mga bansa sa Europe pagpasok ng 2023.




Malinaw ang interes ng China sapul nang sakupin at angkinin nito ang mga teritoryo sa South China Sea kung saan bahagi ang WPS—ang pagkontrol sa ruta ng kalakalan na bahagi ng itinayo niyang *maritime silk road* sa balangkas ng Belt & Road Initiative, at pagpasasaan ang mayamang kalikasan ng teritoryo, kabilang na ang mina ng langis. Tinatayang nasa 11 bilyong bariles ng langis at 190 trilyong *cubic feet* ng *natural gas* ang matatagpuan sa rehiyon. Mas malaki ito kumpara sa tayang dami ng makukuhang mineral na langis at gas sa buong mundo at kayang tustusan ang pangangailangan ng China sa 100 taon.

Nagkukubli sa *"joint project"* at *"co-ownership"* ang tusong pakana ng China na kopohin ang minang langis sa rehiyon. Dagdag pa, susuhayan nito ang matagal nang ginagawang

pandarambong at pag-angkin ng China sa mga teritoryong saklaw ng Pilipinas sa WPS. Katunayan, wala pa mang kasunduan, matagal nang dinadambong ng China ang likas na yaman ng Pilipinas. Tinatayang umaabot sa $6 bilyon ang kinikita at hinuhuthot ng China taun-taon sa pangingisda lamang sa WPS. Ninanakaw din ng mga Chinese ang mga *exotic* na hayop *(poaching)* tulad ng taklobo, pawikan, atbp. Sa pag-aaral, P231.7 bilyon ang yamang-dagat na nasisira habang 1.9 milyong kilo ng isda ang namamatay taun-taon sa pagkawasak ng mga bahura dulot ng mga aktibidad ng China.

**Ipagtanggol ang soberanya ng bansa**

Garapalang ipinauubaya at isinusubasta ng lokal na reaksyunaryong naghaharing uring kinakatawan ng mga Marcos at Duterte ang likas na yaman at soberanya ng Pilipinas sa China kapalit ng burukratikong korapsyon mula sa mga proyektong pinopondohan ng China. Malinaw na hindi dapat asahan ang mga taksil na sina Marcos at Duterte sa pagtatanggol sa pambansang soberanya ng Pilipinas.

Nararapat at makatwiran ang pagtutol at pakikibaka ng mamamayang Pilipino para ipagtanggol ang soberanya at teritoryal na integridad ng bansa. Dapat patuloy na batikusin ang China sa ginagawa niyang pag-angkin sa mga teritoryo sa WPS at pagyurak sa soberanya ng Pilipinas. Kasabay nito, dapat na ilantad at labanan ang ilehitimong rehimeng Marcos II sa pangangayupapa sa interes ng imperyalistang China at pagsusubasta sa teritoryo at patrimonya ng bansa.

Bahagi ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamumuno ng PKP ang pagpapalaya sa bansa mula sa imperyalistang kontrol. Kung gayon, dapat isulong ng mga patriotikong pwersa, mga mapagmahal sa kalayaan at ng sambayanang Pilipinong inaapi at pinagsasamantalahan ang digmang bayan para ipagtanggol ang pambansang soberanya. Sa pagtatagumpay ng digmang bayan, ilulunsad ng itatayong demokratikong gobyernong bayan (DGB) ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Sa pamamagitan ng pambansang industriyalisasyon, titiyakin ng DGB na ang mga saligang industriya sa bansa tulad ng langis ay pangangasiwaan at pakikinabangan ng mamamayan.

BALITA

# *Diarrhea outbreak* sa mga komunidad ng Dumagat, pinaiimbestigahan

Kinalampag ng mga organisasyon ng pambansang minorya at grupong makakalikasan ang gubyernong Marcos-Duterte sa paglaganap ng *diarrhea* (pagtatae) sa mga komunidad ng Dumagat sa Sityo Nayon, Brgy. Sta. Inez, Tanay, Rizal at Brgy. Lumutan, General Nakar, Quezon. Nanawagan sila sa pambansang ahensya at mga yunit ng lokal na gubyerno sa Rizal at Quezon na maglunsad ng medikal na imbestigasyon para malaman ang pinagmulan ng *diarrhea outbreak* at puksain ito.



Unang pangyayari ito na nagkaroon ng *outbreak* sa komunidad ng mga Dumagat. Sa ulat ng Network Opposed to the Kaliwa, Kanan and Laiban Dams noong Oktubre 9, hindi bababa sa isang daang Dumagat na ang nagkasakit. Naitala ang 12 namatay sa Sta. Inez habang lima sa Lumutan. Nagpapagaling naman sa mga ospital sa Antipolo City at Morong, Rizal ang siyam na Dumagat. May higit 30 pamilyang Dumagat na ang nagbakwet para makaiwas sa sakit.

Kaagad na tumuwang ang Bigkis at Lakas ng mga Katutubo sa Timog Katagalugan (BALATIK) at Sandiwa Network of Advocates for National Minority Rights sa komunidad ng mga Dumagat. Nagbigay sila ng edukasyon sa kalusugan at sanitasyon. Matapos ito, naglunsad ang mga Dumagat ng mga hakbanging pag-iwas sa sakit kagaya ng pagpapakulo ng tubig at herbal na panggagamot.

Ayon sa BALATIK, "Nangangailangan ang mga Dumagat ng mga tulong at atensyong medikal lalo't may malulubhang kaso ng sakit na hindi kayang bigyang lunas ng rekurso ng komunidad... Kailangang mahanap ang pinagmulan ng *diarrhea*."

Tinatayang lumaganap ang sakit matapos ang pananalasa ng bagyong Karding noong Setyembre 25. Ayon sa mga eksperto, maaaring nakontamina ang lokal na pinagkukunan ng tubig ng mga residente ng tuluy-tuloy na konstruksyon ng Kaliwa Dam. Malala pa, maaaring kumalat ang sakit sa ibang komunidad labas sa mga Dumagat lalo't umaagos ang tubig ng Sierra Madre.

Kinundena ng mga progresibong grupo ang mistulang pagbalewala ng gubyerno sa kalagayan ng mga Dumagat at sa halip ay tinututukan ang pagtutuloy ng operasyong militar at panghihimasok ng mga *goons* na nagsisilbing bantay sa mga mapaminsalang proyekto sa Sierra Madre. Nanawagan silang suportahan ang House Resolution 430 na naglayong imbestigahan ang naiulat na unti-unting pagkasira *(degradation)* ng bulubunduking Sierra Madre *mountain range.*

**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

# Ano ang epekto ng pagbaba ng halaga ng piso kontra dolyar sa ekonomya ng Pilipinas?

Sa buong Timog Silangang Asya, pinakanahuhuli ang halaga ng piso na bumagsak tungong P59 kada $1. Mula Enero, aabot sa 13.5% ang debalwasyon ng piso na noo'y nasa P51. Tinatayang ibayong dadausdos pa ito sa pagitan ng P65 at P70 bago magtapos ang taon.


Nagkikibit-balikat lang ang gubyernong Marcos II sa pagbagsak ng piso. Nagpapalusot si Marcos Jr. na hindi ito makakaapekto sa mamamayang Pilipino at karaniwang bagay ito sa tindi ng krisis na dinaranas ng buong daigdig. Kinukumpara pa ng mga burges na ekonomista na mas malala pa ang kalagayan sa ibang bansa.

Lutang na naman sa reyalidad si Marcos Jr. dahil ramdam na ramdam ng mamamayang Pilipino ang pagbagsak ng piso sa pagsirit ng presyo ng mga pangunahing bilihin. Direktang apektado ang presyo dahil binibili ang mga *imported* na produkto partikular ang petrolyo gamit ang dolyar. Ang pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo ay magtutulak ng pagtaas ng presyo ng iba pang mga produktong pangkonsumo. Katunayan, nitong Oktubre naitala ang 7.7% implasyon.

**Pagkatali ng piso sa dolyar**

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, pinaigting ng imperyalismong US ang hegemonya nito sa ekonomiya sa mundo laluna sa mga neokolonya nito kabilang ang Pilipinas. Ipinaloob ang ibang kapitalistang bansa at mga malakolonya sa mga hawak at kontrolado nitong institusyon kagaya ng International Monetary Fund (IMF) at mga bangko (World Bank) at ipinataw ang mga di pantay na kalakaran sa kalakalan.

Ipinatupad ang *dollar peg* o pagtutumbas ng ginto sa dolyar na naging epektibo mula Hulyo 1, 1944 batay sa pinagtibay na kasunduan sa Bretton Woods na nagtayo sa IMF at WB. Sa pagtutumbas ng ginto sa dolyar, itinali ang mahihirap na bansang tulad ng Pilipinas sa



dolyar at sistemang pinansyal ng US. Binigyang-daan nito ang dominasyon ng dolyar at ekonomiya ng US sa buong daigdig.

Pagsapit ng 1971, inalis ng US ang pagtumbas ng ginto sa dolyar upang higit na patatagin ang dolyar bilang pandaigdigang pananalapi at batayan ng halaga ng iba pang pera sa daigdig. Tiniyak ng US na mananatiling malakas ang dolyar sa pamamagitan ng pagtataas ng interes sa pautang at walang kontrol na pag-iimprenta ng pera na lalong nagpalala sa krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Naging pamamaraan ito ng US para sa imperyalistang kontrol at pandarambong sa ekonomya ng mahihirap na bansa.

Gamit ang IMF-WB, pinagtibay ang mga tagibang na kasunduang pang-ekonomya sa pagitan ng imperyalismong US at Pilipinas na pumapabor sa una. Dahil dito, nabulid ang Pilipinas sa di-pantay na kasunduan sa kalakalan at pinansya.

Higit pang natali ang piso sa dolyar dahil sa tuluy-tuloy na pagpapautang ng US sa Pilipinas. Obligado pa ang Pilipinas na sumunod sa dikta ng IMF-WB at sa panghihimasok ng US sa pamamagitan ng mga institusyon kagaya ng United States Agency for International Development (USAID) at Organization for Economic Cooperation and Development (OECD), at pumasok sa mga di-pantay na kasunduan sa ekonomya at militar kapalit ng utang. Pangita ito sa Pilipinas kung saan labas-masok ang mga nabanggit na institusyon at may mga base militar pa ng US sa loob mismo ng bansa.

Dahil sa kolonyal na katangian ng kalakalan sa Pilipinas kung saan pangunahing nakaasa ito sa importasyon, natural na epekto ng pagbagsak ng piso ang malaking depisito sa kalakalan hanggang sa mahihirapan nang magbayad ito ng utang. Lumalala ito kapag bumabagsak ang halaga ng pera kontra dolyar. Katulad ito sa Pilipinas

kung saan bumaba nang husto ang halaga ng piso kontra dolyar, lumaki tungong $35.75 bilyon ang depisito na idinulot ng pagtaas ng presyo ng inaangkat na produktong petrolyo mula Enero-Hulyo 2022. Higit 45% ang itinaas nito kumpara sa depisito sa kalakalan noong 2021 na nasa $24.6 bilyon.

Samantala, ang depisito sa balanse ng bayaran *(balance of payments)* sa unang hati ng taon ay umabot sa $3.1 bilyon, 63.1% mas mataas kumpara sa parehong panahon noong 2021. Kinain pa ng ganitong patakaran ang reserbang dolyar at ginto sa Bangko Sentral ng Pilipinas na tuluy-tuloy na bumababa sa nagdaang anim na buwan tungong $99 bilyon, ang pinakamababa sa nagdaang dalawang taon. Ito ang sanhi ng mabilis na debalwasyon ng piso.

Malaking kalokohan ang pahayag ng gubyernong Marcos II na ngayong bagsak ang piso at mataas ang palitan sa dolyar, gaganansya ang mga kapamilya ng mga *overseas Filipino workers* (OFWs). Kabaliktaran, napapawalangsaysay ang perang padala ng mga OFWs dahil sa mahal ng mga bilihin at mataas na implasyon sa Pilipinas.

Matatandaang sa panahon ng matandang Marcos naganap ang unang pinakamalaking pagbulusok ng halaga ng piso kontra dolyar. Mula 1965, bumagsak ang halaga ng piso kontra dolyar mula P3.91 tungong P19.03 noong 1986.

**Itayo ang ekonomyang umaasa-sa-sarili**

Sa ilalim ng rehimeng Marcos II, walang aasahang pagbangon ng halaga ng piso. Sa halip, lalo nitong ibinabagsak ang halaga ng piso kasabay ng buong ekonomya ng bansa dahil sa pangangayupapa sa interes ng US, mga lokal na naghaharing uri at pagpapatupad ng mga neoliberal na polisiya sa bansa.

Sa paglala ng krisis, nararapat igiit ng mamamayang Pilipino na magbigay ang gubyerno ng ayuda at subsidyo. Patuloy na ipanawagan na wakasan ang kolonyal na kalakalan at polisiya ng pagsandig sa utang. Nararapat na magkaisa ang mamamayan para tutulan at ipabasura ang iba't ibang neoliberal na patakaran ng estado.

Dapat itayo at palakasin ang pundasyon ng nagsasariling ekonomya ng Pilipinas sa pamamagitan ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Para makamit ito, kailangang dalhin sa tagumpay ng sambayanang Pilipino ang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Kaalinsabay nito, makipagkaisa sa iba pang mamamayan ng daigdig at isulong ang pandaigdigang rebolusyong proletaryo para ibagsak ang imperyalismo. Itinutulak ng malubhang krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistema ang malawak na hanay ng mamamayan na maglunsad ng iba't ibang anyo ng paglaban lalo na ngayong umiigting ang krisis sa loob ng bansa at sa buong mundo. K

*KILOS PROTESTA*




# Manggagawa ng TS Tech Trim Philippines, nagprotesta sa DOLE

Nagprotesta sa pambansang upisina ng Department of Labor and Employment (DOLE) sa Intramuros, Manila ang mga manggagawang kontraktwal ng TS Tech Trim Philippines-Laguna noong Oktubre 25 para igiit ang regularisasyon. Inireklamo rin nila ang Yashima Sangyo Philippines Inc. (YSPI), *manpower agency* ng TS Tech Trim, sa paglabag sa karapatan ng mga manggagawa.

Ang TS Tech Trim Philippines ay nagmamanupaktura ng mga upuan para sa sasakyan, mga *door trim* at *trim cover*. Pangunahin nilang sinusuplayan ang Honda Cars Philippines Inc., Isuzu Philippines Corporation, at Ford Motor Company Philippines, Inc.

Taong 2018 pa lamang ay nagbaba na ng *Compliance Order* ang DOLE IV-A para sa TS Tech Trim at YSPI hinggil sa pagpapatupad ng wastong patakaran sa paggawa at regularisasyon. Hindi nagsumite ang kumpanya ng hinihingi ng DOLE IV-A na *'notarized document on regularization plan'* o plano para sa regularisasyon ng mga manggagawang kontraktwal at *'leasing agreement of tools and equipment'* sa pagitan ng TS Tech Trim at YSPI.

Sa halip na sumunod sa utos ng DOLE IV-A, patuloy na pinahihirapan ng TS Tech Trim ang mga manggagawa sa anyo ng pagkakait ng sapat na benepisyo at insentibo, at labis na pagpapa-*over time* sa trabaho. Kamakailan, nagpataw ito ng *'forced leave'* sa 40 manggagawa mula Oktubre 22-Disyembre 3.

Hindi naman nagbibigay ang YSPI ng *13th month pay* at *'record of payment of service incentive leave'* (patunay ng kabayaran) sa 255 *factory workers* nito.

Ayon kay Fortunato Magtanggol ng Revolutionary Council of Trade Unions Southern Tagalog (RCTU-ST), "Napatunayang muli sa kaso ng TS Tech Trim na inutil ang DOLE sa harap ng pang-aapi at pagsasamantala ng mga kumpanya sa mga manggagawa. Dapat sumalig ang manggagawa sa kanilang sama-samang pagkilos. Kailangang itayo ang mga tunay, palaban at militanteng unyon at ilunsad ang mga welga para makamit ang mga karapatan sa paggawa." K



# Sigaw ng magsasaka sa TK: Lupa, ayuda at hustisya!

Isandaang magsasaka mula sa Katipunan ng mga Samahang Magbubukid sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK) at Tanggol Magsasaka-Timog Katagalugan (TM-TK) ang nagmartsa at nagprotesta noong Oktubre 20-21 bilang paggunita sa Buwan ng mga Magbubukid. Dala nila ang panawagang "Lupa, ayuda, at hustisya!" sa harap ng matinding militarisasyon at pag-abandona ng gubyernong Marcos II sa uring magsasaka.

Sunud-sunod na nagrali ang mga magsasaka ng TK sa pambansang mga upisina ng Department of National Defense (DND), Department of Agrarian Reform (DAR), Department of Environment and Natural Resources (DENR) at Department of Agriculture (DA) sa Quezon City noong Oktubre 20. Sa harap ng DND, binatikos nila ang militarisasyon sa kanayunan at patuloy na pang-aatake sa hanay ng mga magsasaka.

Ayon sa TM-TK, "Dapat itigil ang *red-tagging* at buwagin ang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) na nagsasapanganib sa buhay ng mga magsasakang nananawagan lamang ng tulong at kalutasan sa kanilang mga suliranin… Nananawagan kaming parusahan ang mga militar at pulis na sangkot sa mga kaso ng pagpatay at sapilitang pagpapasuko sa mga magsasaka."

Bago ang protesta, naiulat ang panghaharas ng 201st Brigade, 59th IBPA at PNP Tiaong sa 11 kasapi ng Coco Levy Fund Ibalik sa Amin (CLAIM)-Quezon. Hinarang sila sa *checkpoint* at bininbin mula 6:00-10:00 ng umaga sa Municipal Police Station ng Tiaong dahil umano sa isang *"violation."* Kabilang sa mga hinarang ang lider-magsasakang si Felizardo "Sarding" Repaso. Patungo sila sa isang dayalogo sa DA nang harasin.

Samantala, matagumpay na nailunsad ang dayalogo ng mga magsasaka sa mga upisyal ng DA kung saan ipinanawagan ang pamamahagi ng sapat na ayuda at pagkilala sa karapatan sa lupa, lalo na sa gitna ng matinding taas-presyo at kakapusan sa pagkain.

"Ang solusyon sa kakapusan sa pagkain ay libreng pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka, kasabay ng




P15,000 na ayuda para makaahon ang mga magsasaka mula sa mga nakalipas na kalamidad at sa pandemya, at pagsuporta sa mga magsasaka sa pamamagitan ng pamamahagi ng mga kagamitan katulad ng traktora, abono at mga pestisidyo" ayon sa TM-TK.

Kinagabihan, tumungo ang mga magsasaka ng TK sa UP Diliman para sa Cultural Night. Itinanghal ng Teatro mula sa Kanayunan (TEKAMUNA) at Cavite Cultural Alliance for Social Change (CCLASIC) ang "Martial Law noon, Anti-terror Law ngayon."

Oktubre 21 sa Araw ng mga Magbubukid, nagmartsa naman sila patungong Mendiola. Sa programang inilunsad, ginunita ang ika-50 taon ng Presidential Decree (PD) 27 na huwad at kontra-magsasakang batas sa reporma sa lupa ng diktadurang Marcos I.

Iginiit ng KASAMA-TK ang pagsasabatas ng Genuine Agrarian Reform Bill (GARB) at pagsuporta sa lokal na agrikultura. Kasabay nito, ipinanawagan ang pagbabasura sa Rice Tariffication Law (RTL) at itigil ang malawakang *land use conversion*. K

## MGA PAGKILOS NG MAGSASAKA SA CAVITE

**BUNGKALAN SA LUPANG TARTARIA.** Naglunsad ng bungkalan ang Samahang Magsasaka ng Tartaria sa Brgy. Tartaria, Silang, Cavite noong Oktubre 23. Nilalabanan nila ang pang-aagaw ng pamilyang Aguinaldo sa kanilang lupain.

**ANIBERSARYO NG LUPANG RAMOS.** Ipinagbunyi ng Katipunan ng mga Lehitimong Magsasaka at Mamamayan sa Lupang Ramos noong Oktubre 24 ang limang taon nilang pakikibaka para igiit ang kanilang karapatan sa lupa. Kasama sa kanilang pagdiriwang ang ika-4 na anibersaryo ng Pagsambang Bayan sa Lupang Ramos. Limang taon na rin nilang pinauunlad ang kanilang bungkalan na aabot na ngayon sa 372 ektarya.

# 3 dinukot na magsasaka, ilitaw! AFP at bayarang goons, singilin at papanagutin!

*Patnubay de Guia*
*Tagapagsalita, National Democratic Front of the Philippines - Southern Tagalog*

Sa unang 100 araw pa lamang ng ilehitimong rehimeng Marcos II sa poder nakapagngangalit ang nakaririmarim na mga kaso ng sapilitang pagkawala ng tatlong magsasaka sa Batangas at Mindoro.

Lampas isang buwan nang nawawala at hinahanap ng kanilang kaanak si Ronel Reduka at isang magsasaka mula sa Brgy. Bulihan, Nasugbu, Batangas. Dinukot sila ng pinaghihinalaang mga tauhan ng Selective Security Agency gabi ng Agosto 8. Huling nakita si Reduka sa kanyang tindahan kung saan may namataang mga armadong lalaki. Makalipas ang ilang minuto, nawala na ang mga biktima at nabakasan na lamang ang dugo sa likod ng kanilang bahay.

Si Reduka ay kasapi ng Ugnayan ng Magsasaka Laban sa Pangwawasak ng Kalikasan at Kalupaan sa Hacienda Looc (UMALPAS-KA), isang samahang aktibong lumalaban sa pangangamkam ng lupa ng pamilyang Sy sa lugar. Kinakamkam ng pamilya Sy ang lupang kinatitirikan ng kanilang barangay. Nagsisilbing pribadong *goons* ng mga Sy ang Selective Security Agency na talamak sa pandarahas sa mga magsasaka sa Hacienda Looc at sa iba pang mga negosyo ng pamilya Sy sa Batangas.

Samantala, mula Setyembre 22 ay hindi pa inililitaw ng berdugong 4th IBPA si G. Kitot, isang Mangyan-Hanunuo na taga-Sityo Gaang, Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro. Bago kunin si G. Kitot sa kanyang tahanan, nagdusa siya at ang kanyang pamilya sa kamay ng mga pasista. Iligal na hinalughog ang kanilang tahanan kung saan tinamnan siya ng dalawang baril. Pinalabas ng 4th IBPA na mga baril ng NPA ang kanilang nakuha kaya inimbestigahan at tinortyur si G. Kitot at kanyang anak. Lantaran pang binastos ang kanyang asawa na inalok ng pakikipagtalik sa harap ng kanyang tinotortyur na asawa. Matapos ang pambubugbog kay G. Kitot, parang mga barbarong ipinarada siya ng mga pasistang sundalo sa pamayanan upang takutin at intimidahin ang mga taumbaryo at magsilbi itong banta at babala sa kanila.

Ang pagdukot sa tatlong magsasaka sa rehiyon ay kabilang sa mga bagong kaso ng pandarahas laban sa mga magsasaka sa buong bansa. Higit na nakakapagpuyos ng damdamin ang paghahambog ni Marcos Jr. na "gumagalang" ang kanyang gubyerno sa karapatang tao sa harap ng dumaraming kaso ng paglabag ng AFP-PNP at paramilitar. Dapat gawin ang lahat ng makakaya upang ilitaw ang mga biktima at papanagutin ang mga salarin at ang teroristang estado.

Dapat managot ang 4th IBPA at Selective Security Agency sa pagdukot at paglapastangan sa karapatang tao ng mga biktima. Kailangan ding papanagutin ang burgesya kumprador na pamilya Sy na nag-aatas sa mga bayarang *goons* na dahasin ang mamamayan para sa sakim nitong interes sa lalawigan ng Batangas.

Nakikiisa ang mamamayan ng Timog Katagalugan sa panawagan ng mga kaanak na ilitaw ang mga biktima kabilang ang mga nauna nang mga *desaparecidos* ng reaksyunaryong estado. Marapat ding papanagutin ang AFP-PNP, paramilitar at bayarang *goons* ng naghaharing uri na salarin sa krimen.

Maaasahan ng mamamayang Pilipino ang rebolusyonaryong kilusan na patuloy nitong isusulong ang pagkamit ng tunay na hustisya. Aabutin ng mahabang kamay ng hustisya ng demokratikong gubyernong bayan ang mga salarin at kriminal na AFP-PNP at mga amo nitong panginoong maylupa at burgesya komprador. K



# Ikaw ba si Ka Pedring?

*ni Ka Dessa*

Humahalo sa tahimik na umaga, kasabay ng mga humuhuning ibon at amoy ng nilutong koprang pinaglamayan sa pagtitigkal ang humaharurot na tunog na pamilyar na pamilyar na sa pandinig ng mga taga-baryo Katwiran. Titigil sa tapat ng mga puyat na maglulukad ang tatlong motorsiklo sakay ang anim na lalaking may dala-dalang mahabang baril na nasa parang lalagyan ng gitara.

Mapapaimik si Tay Tino habang pinagmamasadan ang papalapit na mga lalaki, "Malayo pa man ang Miyerkules bakit nandito na ang mga kapatid. Hindi pa naman araw ng samba."

"Nasaan si Ka Pedring!" pabulyaw na tanong ng isa sa sakay ng motor sa mga maglulukad. Matatahimik sa lukaran at magtitinginan ang mga maglulukad, may isang maglalakas loob na iimik.

Ang alam ko pong Ka Pedring ay si... si Kakang Pedring... 'Kow, matagal na hong patay yun, ay!"

"Mga sinungaling kayo! Nandito ang dati niyang kasamahan, dating NPA. Nakita siyang nagpunta dito kanina." Tumingin-tingin na sinisino ng maliit na lalaking kasama ng mga sakay sa motor ang mga maglulukad, "Ay, ayan ho si Ka Pedring!" Sabay turo nito kay Tay Tino.

"Aba, aba mag-ingat-ingat ka sa katuturo at baka manuno ka diyan Udong. Sino ba kayo? Anong kailangan ninyo?" ika ni Tay Tino.

"Ikaw si Ka Pedring! Ikaw ang hinahanap namin! Ilang beses mo na kaming pinabalik-balik at tinataguan. Hindi na importante kung sino kami. Ikaw ang pinuno ng Komsek!" ika ng isa.

"Ay ser, tatawagin ko na kayong ser dahil kahit di kayo magpakilala ay kilala namin kayo. Mga *intel* kayo. Mga sundalo."

"Ako nga ho'y may katungkulan..." matitigilan si Tay Tino sa biglang pagsabat ng isa sa mga lalaki, "Yun! Sabi ko na nga ba! Umamin ka din."

"Ay may katungkulan nga ho ako... Pastor ho, Pastor ho ako sa *church* namin. Masama na po pala yun?"

"Ay huwag mo na kaming bolahin! Itong dati mong kasamahan ang magpapatunay!"

"Basta ang alam ko ser, wala akong masamang sinabi sa mga 'yan, kung nakausap ko man sila, yun ay para ihatid ang mabuting balita ng Panginoon."



Sabay kamot sa ulong sinabi ng isa sa mga *intel*, "Makulit kang matanda ka ha! Hindi totoo yang Panginoon mo na yan."

"Ay magdahan-dahan ho kayo ser, kayo pala ang hindi naniniwala sa Diyos. Malalaman yan ng Ministro namin," sagot ni Tay Tino.

"Alam ba ng barangay yang ginagawa ninyo?" tanong ng isa sa mga maglulukad.

"Ay alam ito ng barangay!" nagmamayabang na sinabi ng mga *intel*.

"Alam ho baga? Ay bakit hindi ko alam? Kagawad ako ng barangay, ako ang may sakop dito, pero di ko alam 'yang ginagawa ninyo."

"Mga puro walang alam ang mga tao dito. Kakasuhan na lang namin kayo, kasong rebelyon." Pabasta-bastang imik ng isa sa mga *intel* para makabawi sa pagkapahiya.

"Aba, kayo ang kakasuhan namin. Harassment yang ginagawa ninyo. Paninirang puri. Kung anu-anong binibintang ninyo sa amin," ani Tay Tino.

"Dating NPA ba 'ika nyo yang kasama nyo ser? Ay mahiya naman siya kung pala'y pinapakain namin dati ay bakit ngayon kami ipinapahamak? Wala kang kwentang tao," sinasabi ito ni kagawad habang dinuduro ang nagpapakilalang ex-NPA.

"Mga tao ko ito ser, kagawad ako dito. Hindi NPA yang si Pareng Tino. 'Yang kasama niyo ang kasuhan ninyo!"

"Kasalanan po bang maging maglulukad? O ang mag-Pastor? Ang maging mahirap? Walang kasalanan ang mga ito. Umalis na ho kayo. Abala na ho kayo sa hanapbuhay namin." K